



## Asian Catholic Initiative

### UNANG PAGBASA

Isaias 35, 1–6a. 10

*Ang Poong Diyos ay darating, tayo'y kanyang sasagipin.*

#### Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

Ang ulilang lupaing malaon nang tigang  
ay muling sasaya,  
mananariwa at mamumulaklak ang ilang.  
ang dating ilang ay aawit sa tuwa,  
ito'y muling gaganda tulad ng mga Bundok ng Libano  
At mamumunga nang sagana, tulad ng Carmelo at Saron,  
mamamasdan ng lahat ang kaningningan  
at kapangyarihan ng Panginoon.  
Inyong palakasin ang mahinang kamay,  
at patatagin ang mga tuhod na lupaypay,  
ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob:  
“Huwag kang matakot,  
laksan mo ang iyong loob,  
darating na ang Panginoong Diyos,  
at ililigtas ka sa mga kaaway.”  
Ang mga bulag ay makakikita,  
at makaririnig ang mga bingi;  
katulad ng usa, ang pilay ay lulundag,  
aawit sa galak ang mga pipi.  
Ang mga tinubos ng Panginoon ay babalik sa Jerusalem,  
masiglang umaawit ng pagpupuri.  
Paghaharian sila ng kaligayahan.  
Lungkot at dalamhati ay mapapalitan  
ng tuwa at galak magpakailanman.

*Ang Salita ng Diyos.*

## SALMONG TUGUNAN

Salmo 145, 7. 8–9a. 9bk–10  
(Tugon: Isaias 35, 4)

**Tugon:** Halina, Panginoong D'yos  
upang kami ay matubos.

**o kaya:** Aleluya! Papurihan  
ang ating Poong Maykapal.

**Ang maaasahang lagi'y Panginoon,  
panig sa naaapi, ang Diyos na hukom,  
may pagkaing handa, sa nangagugutom.**

**Tugon:** Halina, Panginoong D'yos  
upang kami ay matubos.

**Pinalaya niya ang mga nabihag;  
isinasauli, paningin ng bulag;  
lahat ng inapi ay itinataas,  
ang mga hinirang niya'y nililingap.**

**Tugon:** Halina, Panginoong D'yos  
upang kami ay matubos.

**Isinasanggalang ang mga dayuhang  
sa lupain nila'y doon tumatahan;  
tumululong siya sa balo't ulila,  
masamang balangkas pinipigil niya.**

**Tugon:** Halina, Panginoong D'yos  
upang kami ay matubos.

**Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon!  
Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion!**

**Tugon:** Halina, Panginoong D'yos  
upang kami ay matubos.

## IKALAWANG PAGBASA

Santiago 5, 7–10

*Tibayan ninyo ang inyong loob,  
sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.*

### Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago

**Kaya nga't magtiyaga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan ninyo ang magsasaka. Buong tiyaga niyang hinihintay ang mahalagang bunga ng kanyang bukirin, at ang pagpatak ng una at huling ulan. Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob, sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.**

**Huwag kayong maghinakitan, mga kapatid, upang hindi kayo hatulan ng Diyos, sapagkat malapit nang dumating ang Hukom. Mga kapatid, tularan ninyo ang mga propetang nagsalita sa ngalan ng Panginoon. Buong tiyaga silang nagtiis ng kahirapan.**

**Ang Salita ng Diyos.**

## ALELUYA

Isaias 61, 1

Aleluya! Aleluya!  
**Espiritu ng Maykapal  
nasa akin upang hatidan  
ang mga dukha ng aral.**  
Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Mateo 11, 2-11

*Kayo po ba ang ipinangakong paririto o maghihintay pa kami ng iba?*

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

**Noong panahong iyon: Nabalitaan ni Juan Bautista, na noo'y nasa bilangguan, ang mga ginagawa ni Kristo. Kaya't nagsugo si Juan ng kanyang mga alagad at ipinatanong sa kanya, “Kayo po ha ang ipinangakong paririto, o maghihintay pa kami ng ibal” Sumagot si Hesus, “Bumalik kayo kay Juan at sabihin sa kanya ang inyong**

narinig at nakita: nakakikita ang mga bu lag, nakalalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakaririnig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinangangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Mapalad ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!”

Pag-alis ng mga alagad ni Juan, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol kay Juan: “Bakit kayo lumabas sa ilang! Ano ang ibig ninyong makital Isa bang tambo na inuugoy ng hangin? Ano nga ang ibig ninyong makita? Isang taong may maringal na kasuotan? Ang mga nagdaramit ng maringal ay nasa palasyo ng mga hari! Ano nga ha ang ibig ninyong makita? Isang propeta? Oo. At sinasabi ko sa inyo, higit pa sa propeta. Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng Kasulatan: ‘Narito ang sugo ko na aking ipinadadalang mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.’ Sinasabi ko sa inyo: sa mga isinilang, wala pang lumilitaw na higit na dakila kay Juan Bautista; ngunit ang pinakaaba sa mga taong pinaghaharian ng Diyos ay dakila kaysa kanya.”

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**



## Asian Catholic Initiative

# LUNES SA IKATLONG LINGGO SA PANAHON NG PAGDATING NG PANGINOON

*Para sa mga Misa mula ika-17 hanggang ika-24 ng Disyembre, tunguhan ang mga pahina 187-222.*

*Pambungad: Jeremias 31, 10; Isaías 35, 4*

*Pahayag ng D'yos ay dinggin sa lahat ay paratingin ang Panginoon'y darating, sabihin sa matakutin “H’wag matakot, s’ya’y butihin.”*

## PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming maawain,  
pagindapatin mong dinggin  
ang aming panalangin  
at pasilayan mo  
ang nadirimlan naming kalooban  
sa pagdating ng iyong Anak  
na kasama mo at ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

## UNANG PAGBASA

*Mga Bilang 24, 2-7. 15-17a*

*Isang tala ay sisikat mula sa lahi ni Jacob.*

## Pagbasa mula sa aklat ng Mga Bilang

**Noong mga araw na iyon, nakita ni Balaam ang kampo ng Israel, sama-sama bawat lipi. Nilukuban siya ng Espiritu ng Panginoon at siya’y nagpahayag:**

“Ang pahayag ni Balaam na anak ni Beor  
ang pahayag ng taong may malinaw na paningin.  
Ang salita ng nakikinig sa salita ng Diyos,  
ng nakakikita sa pangitain buhat sa Makapangyarihan,  
ng nabulagta sa lupa  
gayunma’y nanatiling malinaw ang paningin:  
Anong ganda, o Jacob, ng iyong mga tolda  
kay inam, o Israel, ng iyong tirahan.  
Wari’y kapatagang napakalawak,  
parang hardin sa baybay ng batis.  
Wari’y punongkahoy na mabango, itinanim ng Panginoon,  
matataas na punong sedro sa tabi ng mga bukal.  
Ang tubig ay umaapaw sa lahat niyang sisidlan,  
kapangyarihan niya’y madarama sa lahat ng lugar.  
Ang hari niya ay higit na malakas kaysa kay Agag,  
at ang kaharian niya ay napakalawak.”  
Muling nagpahayag si Balaam:  
“Ang orakulo ni Balaam na anak ni Beor  
ang orakulo ng taong may malinaw na paningin.  
Ang pahayag ko na nakikinig sa salita ng Diyos  
at nakababatid sa kalooban ng kataas-taasan.  
Nakikita sa pangitain ng Makapangyarihan  
maaaring mabuwal ako  
gayunma’y malinaw ang aking paningin.  
Nakikita ko ngunit hindi ngayon,  
siya’y aking namamalas ngunit hindi sa malapit.  
Isang tala ay sisikat mula sa lahi ni Jacob,  
lilitaw ang isang hari mula sa lipi ni Israel.”

*Ang Salita ng Diyos.*

### **SALMONG TUGUNAN**

Salmo 24, 4bk–5ab. 6–7bk. 8–9  
(Tugon: 4b)

**Tugon:** Poon, ako’y gabayan mo  
sa landas patungo sa ‘yo.

**Ang kalooban mo’y ituro, o Diyos,  
ituro mo sana sa aha mong lingkod;  
ayon sa matuwid, ako ay turuan**

**ituro mo, Poon, ang katotohanan;  
Tagapagligtas ko na inaasahan.**

**Tugon:** Poon, ako’y gabayan mo  
sa landas patungo sa ‘yo.

**Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas,  
at ang kabutihang noon pa’y nahayag.  
Pagkat pag-ibig mo’y hindi nagmamaliw,  
ako sana, Poon, ay alalahanin!**

**Tugon:** Poon, ako’y gabayan mo  
sa landas patungo sa ‘yo.

**Mabuti ang Poon at makatarungan,  
sa mga salari’y guro at patnubay;  
sa mababang-loob siya yaong gabay,  
at nagtuturo ng kanyang kalooban.**

**Tugon:** Poon, ako’y gabayan mo  
sa landas patungo sa ‘yo.

### **ALELUYA**

Salmo 84, 8

Aleluya! Aleluya!  
**Pag-ibig mo’y ipakita,  
lingapin kami tuwina,  
iligtas kami sa dusa!**  
Aleluya! Aleluya!

### **MABUTING BALITA**

Mateo :21, 23-27

*Kanino nagmula ang karapatan ni Juan upang magbinyag?*

**+ Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo**

**Noong panahong iyon, pumasok si Hesus sa temp lo. Samantalang  
nagtuturo siya, lumapit sa kanya ang mga punong saserdote at  
ang matatanda ng bay an at siya’y tinanong, “Ano ang karapatan  
mong gumawa ng mga bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng  
karapatang ito?” Sumagot si Hesus, “Tatanungin ko rin kayo. Kapag  
sinagot ninyo ako, saka ko naman sasabihin sa inyo kung ano ang**

karaptan kong gumawa ng mga bagay na ito. Kanino nagmula ang karapatan ni Juan upang magbinyag – sa Diyos ha o sa tao?” At sila’y nag-usapusap: “Kung sabihin nating mula sa Diyos, sasabihin naman niya sa atin, ‘Bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?’ Ngunit kung sabihin nating mula sa tao, baka naman kung ano ang gawin sa atin ng bayan, sapagkat kinikilala ng lahat na si Juan ay isang propeta.” Kaya’t sumagot sila kay Hesus, “Hindi namin alam!” Sinabi niya, “Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung ano ang karapatan kong gumawa ng mga ginagawa ko.”

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

## **PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

Ama naming Lumikha,  
tanggapin mo ang aming mga alay  
na ikaw rin ang nagbigay.  
Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan  
na ngayon pa man ay amin  
nang pinakikinabangan  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.

*Unang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panabon ng Pagdating, p. 18.*

***Pakikinabang: Salmo 106, 4–5; Isaias 38, 3***

*Panginoon, parito ka  
sa amin ay ipadama  
kapayapaan mo’t sigla  
upang kami’y makasamba  
nang wagas at maligaya.*

# **MULA SA IKA-17 HANGGANG SA IKA-24 NG DISYEMBRE PARA SA PAGMIMISA ARAW-ARAW MALIBAN KUNG LINGGO**

## **IKA-17 NG DISYEMBRE**

*Pambungad: Isaias 49, 13*

*Umawit ka, kalangitan!  
Magalak, sangkalupaan!  
Narito ang Poong mahal!  
Darating upang tulungan  
ang mga dukha n’yang hirang!*

## **PANALANGING PAMBUNGAD**

Ama naming Lumikhaa t Tagapagligtas,  
niloob mong magkatawang-tao  
ang iyong Salita sa sinapupunan  
ng laging Biheng si Maria.  
Sa pag-ako ng iyong Bugtong na Anak  
sa aming pagkatao  
pagindapatin nawa kaming sa iyong pagka-Diyos  
ay makasalo sa pamamagitan niya  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.

## **UNANG PAGBASA**

*Genesis 49, 2 . 8–10*

*Ang setro ni Judang makapangyarihan ay tataglayin niya  
hanggang dumating ang Haring tunay.*

## **Pagbasa mula sa aklat ng Genesis**

Noong mga araw na iyon, tinawag ni Jacob ang mga anak  
niya at kanyang sinabi:

**“Kayo mga anak, magsilapit sa akin,  
akong inyong ama ay sumandaling dinggin**

**Ikaw, Juda, ay papupurihan  
niyong mga anak ng Ina mong mahal,  
hawak mo sa leeg ang iyong kaaway,  
lahat mong kapatid sa iyo'y gagalang.  
Mabangis na leon, ang iyong larawan,  
muling nagkukubli matapos pumatay;  
ang tulad ni Juda'y leong nahihimlay,  
walang mangangahas lumapit sinuman.  
Hawak niya'y setrong tuon sa paanan,  
sagisag ng lakas at kapangyarihan;  
ito'y tataglayin hanggang sa dumatal  
ang tunay na Haring dito'y magtatangan.”**

*Ang Salita ng Diyos.*

## **SALMONG TUGUNAN**

Salmo 71, 2. 3-4ab. 7-8. 17  
(Tugon: 7)

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran:  
Sa taglay mong katarungan, o Diyos, siya'y bahaginan;  
upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan,  
at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Ang lupain nawa niya'y umunlad at managana;  
maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.  
Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap  
at ang mga taong wala'y pag-ukulan ng paglingap.**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan,  
madama ng bansa niya at umunlad habang buhay.  
Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak,  
mula sa ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat.**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Nawa yaong kanyang ngalan ay h'wag nang malimutan,  
manatiling laging bantog na katulad nitong araw;  
nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa,  
at sa Diyos, silang lahat dumalanging:  
“Harinawa pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala.”**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

## **ALELUYA**

Aleluya! Aleluya!  
**Karunungan ng Maykapal,  
tana'y 'yong pangasiwaan,  
halina't kami'y turuan.**  
Aleluya! Aleluya!

## **MABUTING BALITA**

Mateo 1, 1-17

*Talaan ng mga angkang pinagmulan ni Hesukristo, anak ni David.*

**+ Ang simula ng Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay  
San Mateo**

**Ito ang lahi ni Hesukristo na mula sa angkan ni David na mula naman  
sa lahi ni Abraham.**

**Si Abraham ang ama ni Isaac; si Isaac ang ama ni Jacob na ama ni  
Juda at ng kanyang mga kapatid. Naging anak naman ni Juda kay  
Tamar sina Fares at Zara. Si Fares ang ama ni Esrom at si Esrom ang  
ama ni Aram. Si Aram ang ama ni Aminadab; si Aminadab ang ama ni  
Naason na ama naman ni Salmon. Naging anak ni Salmon kay Rahab  
si Booz, at naging anak naman ni Booz kay Ruth si Obed. Si Obed ang  
ama ni Jesse na ama ni Haring David.**

**Naging anak ni David si Solomon sa dating asawa ni Urias. Si  
Solomon naman ang ama ni Roboam. Si Roboam ang ama ni Abias, at  
si Abias ang ama ni Asa. Si Asa ang ama ni Josafat, at si Josafat ang  
ama ni Joram na siya namang ama ni Ozias. Itong si Ozias ay ama ni**

Jotam na ama ni Acaz, at si Acaz ang ama ni Ezequias. Si Ezequias ang ama ni Manases, at si Manases ang ama ni Amos na ama naman ni Josias. Si Josias ang ama ni Jeconias at ang kanyang mga kapatid. Panahon noon ng pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia.

Matapos ang pagkakatapon sa Babilonia, naging anak ni Jeconias si Salatiel na ama ni Zorobabel. Si Zorobabel ang ama ni Abiud na ama ni Eliaquim, at si Eliaquim ang ama ni Azor. Si Azor ang ama ni Sadoc na ama ni Aquim; itong si Aquim ang ama ni Eliud. Si Eliud ang ama ni Eleazar; si Eleazar ang ama ni Matan na ama ni Jacob. At si Jacob ang ama ni Jose na asawa ni Maria. Si Maria naman ang ina ni Hesus na tinatawag na Kristo.

Samakatwid, labing-apat ang salin-lahi mula kay Abraham hanggang kay David, labing-apat mula kay David hanggang sa pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia, at labing-apat din mula sa pagkakatapon sa Babilonia hanggang kay Kristo.

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,  
gawin mong banal ang mga alay  
ng iyong sambayanan upang  
sa kagalang-galang na pagdiriwang na ito  
kami ay pagindapatin mong magkasalu-salo  
sa pagkaing ibinibigay mo  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.

## IKA-18 NG DISYEMBRE

*Pambungad:*

*Ang dakilang Hari natin,  
si Kristo ay dumarating.  
Si Juan ang s'yang nagturing  
na siya ay tatanghaling  
Kordero sa paghahain.*

## PANALANGING PAMBUNGAD

Ama naming makapangyarihan,  
kaming naghihirap sa mga lumang pasanin  
dahil sa pagkakasalang sa ami'y umalipin  
ay palayain mo pakundangan sa bagong pagsilang  
na dulot ng iyong Anak na aming hinihintay  
sapagkat siya ang namamagitan  
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

## UNANG PAGBASA

*Jeremias 23, 5–8*

*Pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid.*

### Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

Nalalapit na ang araw,” sabi ng Panginoon, “na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid, isang hari na buong karunungan maghahari. Paiiralin niya sa buong lupain ang batas at katarungan. Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kanyang pamamahala, at ang Israel ay mapayapang mamumuhay. Ito ang pangalang itatawag sa kanya: ‘Ang Panginoon ay Matuwid.’”

Sinasabi ng Panginoon, “Darating nga ang panahon na ang mga tao’y di na manunumpa nang ganito: ‘Nariya’t buhay ang Panginoong nagpalaya sa Israel mula sa Egipto.’ Sa halip, sasabihin nila, ‘Saksi ko ang Panginoon na nagpalaya sa mga Israelita mula sa lupain sa hilaga at sa lahat ng lupaing pinagtapanan ko sa kanila. Babalik sila sa sariling lupa at doon muling mamumuhay.’”

*Ang Salita ng Diyos.*

## SALMONG TUGUNAN

Salmo 7 1, 2, 12-13, 18-19

(Tugon : 7)

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran,  
sa taglay mong katarungan, o oiyos, siya'y bahaginan;  
upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan,  
at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag,  
lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap;  
sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag;  
sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas.**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

**Ang Poong Diyos ng Israel, purihin ng taong madla;  
ang kahanga-hangangb agay tanging siya ang may gawa.  
Ang dakilang ngalan niya ay purihin kailanman,  
at siya ay dakilain nitong buong sanlibutan!  
Amen! Amen!**

**Tugon:** Mabubuhay s'yang marangal  
at sasagana kailanman.

## ALELUYA

Aleluya! Aleluya!  
**Namumuno ng Israel,  
nagbigay-utos sa amin,  
halina't kami'y sagipin.**  
Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Mateo 1, 18-24

*Si Hesus ay isinilang ni Maria na kabiyak  
ng puso ni Jose, na anak ni David.*

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo. Si Maria na kanyang ina at si Jose na nakatakda nang pakasal. Ngunit bago sila nakasal, si Maria'y natagpuang nagdadalang-tao. Ito'y sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa, ngunit ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim. Samantalang iniisip ni Jose ito, napakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria, sapagkat siya'y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki at ito'y pangangalanan mong Hesus, sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."

Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta:

"Maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki,  
at tatawagin itong Emmanuel",  
ang kahuluga'y  
"Kasama natin ang Diyos".

Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon; pinakasalan niya si Maria. Ngunit hindi ginalaw ni Jose si Maria hanggang sa maipanganak nito ang isang sanggol na lalaki na pinangalanan niyang Hesus.

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*



## IKA-19 NG DISYEMBRE

*Pambungad: Hebreo 10, 37*

*Ang paririto'y darating,  
hindi siya mabibimbín.  
Ang pangamba'y matitigil  
sapagkat makakapiling  
ang Tagapagligtas natin.*

## PANALAN ING PAMBUNGAO

*Ama naming makapangyarihan,  
minarapat mong mahayag  
ang iyong kadakilaan sa pagsilang  
ng Mahal na Birhen para sa sanlibutan.  
Ang dakilang mysteryong ito  
ng pagkakatawang-tao ng Anak mo  
ay mapag-ukulan nawa namin ng lubos na pananalig  
at maipagdiwang namin nang may di magmamaliw  
na pag-ibig sa pamamagitan niya  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.*

## UNANG PAGBASA

*Mga Hukom 13, 2–7. 24–25a*

*Ang panganganak kay Samson ay ibinalita ng anghel.*

### Pagbasa mula sa aklat ng Mga Hukom

Noong mga araw na iyon, sa bayan ng Zora ay may isang lalaking Manoa ang pangalan, kabilang sa lipi ni Dan. Ang asawa niya ay hindi magkaanak. Minsan, napakita sa babae ang anghel ng Panginoon, at sinabi, “Hanggang ngayo’y wala kang anak. Ngunit hindi magtatagal, maglilihi ka at manganganak. Mula ngayon ay huwag kang iinom ng anumang uri ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain. Kung maipanganak mo na siya, huwag mong papuputulan ng buhok pagkat mula pa sa kanyang pagsilang ay itatalaga na siya sa Diyos. Siya ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.”

Ang babae’y lumapit sa kanyang asawa at kanyang sinabi, “Napakita sa akin ang isang propeta ng Diyos, parang anghel. Kinikilabutan

ako! Hindi ko tinanong kung tagasaan siya at hindi naman niya sinabi kung sino siya. Huwag daw akong iinom ng alak ni titikim ng anumang bawal na pagkain pagkat ang sanggol na isisilang ko’y itatalaga sa Diyos.”

Dumating ang araw at nanganak ang asawa ni Manoa. Lalaki ang sanggol at pinangalanan nilang Samson. Lumaki ang bata na patuloy na pinagpapala ng Panginoon. Ang Espiritu ng Panginoon ay lumukob kay Samson.

*Ang Salita ng Diyos.*

## SALMONG TUGUNAN

*Salmo 70, 3–4a. 5–6ab 16–17  
(Tugon: 8a)*

*Tugon:* Lagikongpapupurihan  
ang iyong kapangyarihan.

**Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan,  
matatag na kublihan ko at matibay na sanggalang.  
Sa lahat ng masasama, o Diyos, ako’y ipaglaban.**

*Tugon:* Lagi kong papupurihan  
ang iyong kapangyarihan.

**Panginoon, sa iyo ko inilagak ang pag-asa,  
maliit pang bata ako, sa iyo’y may tiwala na;  
sa simula at mula pa wala akong inasahang  
mag-iingat sa sarili, kundi tanging ikaw lamang.**

*Tugon:* Lagi kong papupurihan  
ang iyong kapangyarihan.

**Pagkat ikaw, Panginoon, ay malakas at dakila,  
ang taglay mong katangia’y ihahayag ko sa madla.  
Sapul pa sa pagkabata ako’y iyong tinuruan,  
hanggang ngayo’y sinasambit ang gawa mong hinangaan.**

*Tugon:* Lagikongpapupurihan  
ang iyong kapangyarihan.

## ALELUYA

Aleluya! Aleluya!

**Sanga kang ugat ni Jesse,  
taga-akay ng marami,  
halina't tubusin kami.**

Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Lucas 1, 5–25

*Ang panganganak kay Juan Bautista ay ibinalita ni Anghel Gabriel.*

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Noong si Herodes ang hari ng Judea, may isang saserdote na ang ngala'y Zacarias, sa pangkat ni Abias. At mula rin sa lipi ni Aaron ang kanyang asawang si Elisabet. Kapwa sila kalugudlugod sa paningin ng Diyos, namumuhay nang ayon sa mga utos at tuntuning mula sa Panginoon. Wala silang anak sapagkat baog si Elisabet, at sila'y matanda na.

Ang pangkat ni Zacarias ang nanunungkulan noon, at siya'y naglilingkod sa harapan ng Diyos bilang saserdote. Nang sila'y magsapalaran, ayon sa kaugalian ng mga saserdote, siya ang nahirang na maghandog ng kamanyang. Kaya't pumasok siya sa templo ng Panginoon sa oras ng pagsusunog ng kamanyang, samantalang nagkakatipon sa labas ang mga tao at nananalangin. Walang anu-ano'y napakita sa kanya ang isang anghel ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan ng dambanang sunugan ng kamanyang. Nagulat si Zacarias at sinidlan ng matinding takot nang makita ang anghel. Ngunit sinabi nito sa kanya, "Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Kayo ni Elisabet ay magkakaanak ng isang lalaki, at Juan ang ipangangalan mo sa kanya. Ikaw ay matutuwa at magiging maligaya, at marami ang magagalak sa kanyang pagsilang sapagkat siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak o anumang inuming nakalalasing. Sa sinapupunan pa lamang ng kanyang ina, mapupuspos na siya ng Espiritu Santo. Marami sa mga anak ng Israel ang panunumbalikin niya sa kanilang Panginoong Diyos. Mauuna siya sa Panginoon, taglay ang espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang pagkasunduin ang mga ama at ang mga anak, at panumbalikin sa daan ng matuwid

ang mga suwail. Sa gayon, ipaghahanda niya ng isang bayan ang Panginoon."

Sinabi ni Zacarias sa anghel, "Paano ko po matitiyak na mangyayari ito? Sapagkat ako'y napakatanda na at gayon din ang aking asawa." Sumagot ang anghel, "Ako si Gabriel na naglilingkod sa harapan ng Diyos. Sinugo ako upang ihatid sa iyo ang mabuting balitang sinabi ko na sa iyo. At ngayon, mabibingi ka't hindi makapagsasalita hanggang sa araw na maganap ang mga bagay na ito, sapagkat hindi ka naniwala sa mga sinabi ko na matutupad pagdating ng takdang panahon."

Samantala, naghihintay naman kay Zacarias ang mga tao. Nagtaka sila kung bakit nagtagal siya nang gayon sa loob ng templo. Paglabas niya ay hindi na siya makapagsalita, mga senyas na lamang ang ginagamit niya; kaya natanto nila na nakakita siya ng pangitain. At siya'y nanatiling pipi.

Nang matapos ang panahon ng kanyang paglilingkod ay umuwi na siya. Hindi nga nagtagal at naglihi si Elisabet, at hindi ito umalis ng bahay sa loob ng limang buwan. "Ngayo'y nilingap ako ng Panginoon," wika ni Elisabet. "Ginawa niya ito upang alisin ang aking kadustaan sa harapan ng mga tao!"

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Ama naming Lumikha,  
tunghayan mo ang mga nakahain sa dambana.  
Itong aming abang nakayanan  
ay magkamit nawa ng kapupunang kabanalan  
na idinudulot ng iyong kapangyarihan  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.

*Ikalawang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panabon ng Pagdating, p. 19.*

## IKA-20 NG DISYEMBRE

*Pambungad: Isaias 11, 1; 40, 5; Lucas 3, 6*

*Isang supling ang sisilang  
mula kay Jesse lilitaw.  
Kaningningan ng Maykapal  
sa lupa'y mangingibabaw  
at maliligtas ang tanan.*

## PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,  
ang iyong Salitang nananahan sa iyong kaibuturan  
ay dinala sa sinapupunan ng Birheng kalinis-linisan  
noong tanggapin niya ang Mabuting Balitang hatid  
ng anghel at siya'y lukuban ng Espiritu Santo  
bilang iyong tahanan.  
Katulad ng Mahal na Birhen,  
matanggap nawa naming mapagpakumbaba  
na sundin ang loob mo  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

## UNANG PAGBASA

*Isaias 7, 10–14*

*Maglililihi ang isang dalaga*

### Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

Noong mga araw na iyon, ipinasabi ng Panginoon kay Acaz: “Humingi ka sa akin ng palatandaan, maging sa kalaliman ng Sheol o sa kaitaasan ng langit.” Sumagot si Acaz: “Hindi po ako hihingi. Hindi ko susubukin ang Panginoon.”

**Sinabi ni Isaias:**

**“Pakinggan mo, sambahayan ni David,  
kulang pa ha ang galitin ninyo ang mga tao  
na pati ang aking Diyos ay inyong niyayamot?  
Kaya nga’t ang Panginoon na rin ang magbibigay ng  
palatandaan:**

**Maglililihi ang isang dalaga  
at manganganak ng lalaki  
at ito’y tatawaging Emmanuel.”**

**Ang Salita ng Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN

*Salmo 23, 1–2. 3–4a b. 5–6  
(Tugon: 7k at 10ab)*

**Tugon:** Ang Panginoon’y darating,  
s’ya’y dakilang Hari natin.

**Ang buong daigdig, lahat ng naroon,  
may-ari’y ang Diyos, ating Panginoon;  
ang mundo’y natayo at yaong sandiga’y  
ilalim ng lupa, tubig kalaliman.**

**Tugon:** Ang Panginoon’y darating,  
s’ya’y dakilang Hari natin.

**Sino ang marapat umahon sa burol,  
sa burol ng Poon, sino ngang aahon?  
Sino’ng papayagang pumasok sa templo,  
sino’ng tutulutang pumasok na tao?  
Siya, na malinis ang isip at buhay,  
na hindi sumamba sa diyus-diyosan;  
tapat sa pangako na binibitiwan.**

**Tugon:** Ang Panginoon’y darating,  
s’ya’y dakilang Hari natin.

**Ang Panginoong Diyos, pagpapalain siya,  
ililigtas siya’t pawawalang-sala.  
Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos,  
silang lumalapit sa Diyos ni Jacob.**

**Tugon:** Ang Panginoon’y darating,  
s’ya’y dakilang Hari natin.

## ALELUYA

Aleluya! Aleluya!  
**Halina, Susi ni David,**  
**binubuksan mo ang langit**  
**upang kami ay masagip.**  
Aleluya! Aleluya!

## MABUTING SALITA

Lucas 1, 26–38

*Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki.*

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Nang ikaanim na buwan na ng pagdadalanta ni Elisabet, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Gali lea, sa isang dalaga na ang pangala’y Maria. Siya’y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. “Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos,” wika niya. “Sumasaiyo ang Panginoon.” Nagulumihan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya’t sinabi sa kanya ng anghel, “Huwag kang matakot, Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki, at siya’y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan.”

“Paanong mangyayari ito, gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos. Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet? Alam ng lahat na siya’y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At ngayo’y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalanta – sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos.”

Sumagot si Maria, “Ako’y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi.” At nilisan siya ng anghel.

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**Ama naming Lumikha,**  
**itangi mo ang paghahaing ito**  
**upang ang mga nagdiriwang ay magkasalu-salo**  
**sa sinasampalatayang dapat na asahan**  
**sa darating mong Anak na aming hinihintay**  
**sapagkat siya ang namamagitan**  
**kasama ng Espiritu Santo**  
**magpasawalang hanggan.**

*Ikalawang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panahon ng Pagdating, 18.*

*Pakikinabang: Lucas 1, 31*

*Sabi ng anghel kay Maria:*  
*“Tingnan mo’t maglililihi ka.*  
*Ikaw ay magiging ina*  
*ng Manunubos sa sala,*  
*ngalanan mong Hesus siya.*

## PANLANGIN PAGKAPAKINABANG

**Ama naming mapagmahal,**  
**ang mga pinapagsalu-salo mo**  
**sa iyong banal na piging**  
**ay papagkamtin mo ng tunay na kapayapaan**  
**bilang kapakinabangan sa ginanap na pagdiriwang**  
**sa pamamagitan ni Hesukristo**  
**kasama ng Espiritu Santo**  
**magpasawalang hanggan.**

## IKA-21 NG DISYEMBRE

*Pambungad: Isaias 7, 14; 8, 10*

*Malapit na ang pagdating ng  
Oiyos na Poon natin,  
tatawagin s'yang Emman'wel  
ngalang ang ibig sabihi 'y  
"Ang D'yos ay ating kapiling."*

## PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,  
dinggin mo ang mga kahilingan  
ng iyong sambayanan upang ang kagalakan  
sa pagdating ng iyong nagkatawang-taong Anak  
ay magdulot ng gantimpalang buhay na walang wakas  
kapag siya ay nagbalik nang may kadakilaang lantad  
sapagkat siya ang namamagitan  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

## UNANG PAGBASA

*Awit 2, 8–14*

*Mga gulod tinatahak upang ako'y makaniig ng sinta kong minamahal  
at tapat kong mangingibig.*

**Pagbasa mula sa aklat ng Awit ni Solomon**

**Ang tinig ng aking mahal ay akin nang naririnig,  
mga gulod, tinatahak upang ako'y makaniig.  
Itong aking mangingibig ay katulad niyong usa,  
mabilis kung kumilos, ang katawan ay masigla.  
Sa tabi ng aming pader, naroroon lagi siya,  
sumisilip sa bintana para ako ay makita.  
Ang mahal ko ay nangusap at ganito ang tinuran:  
"Sa akin ay sumama ka, halika na, aking mahal.  
Lumipas na ang taglamig sa buong lupain  
at ang tag-ulan ay natapos na rin.  
Bulaklak sa kaparangan tingna't namumukadkad na,  
ito na nga ang panahon upang tayo ay magsaya,**

**sa bukid, ang mga ibo'y humuhuni, kumakanta.  
Yaong mga bungang igos ay hinog nang para-para,  
at ang mga punong ubas, sa bulaklak ay hitik na.  
Tayo na nga aking mahal, sa akin ay sumama ka.  
Ika'y parang kalapati, nagkukubli sa batuhan,  
halika at ang ganda mo ay nais kong mapagmasdan,  
at nang akin ding marinig ang tinig mong ginintuan.**

**Ang Salita ng Diyos.**

*o kaya:*

*Sofonias 3, 14–18a*

*Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon.*

**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Sofonias**

**Umawit ka nang malakas, Lungsod ng Sion; sumigaw ka, Israel!  
Magalak ka nang lubusan, Lungsod ng Jerusalem!  
Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon,  
at itinapon niya ang inyong mga kaaway.  
Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang  
kasawiang dapat pang katakutan.  
Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: "Huwag kang matakot,  
Sion;  
Huwag manghina ang iyong loob.  
Nasa piling mo ang Panginoong iyong Diyos, parang bayaning  
nagtagumpay; makikigalak siya sa iyong katuwaan,  
babaguhin ka ng kanyang pag-ibig;  
at siya'y masayang aawit sa laki ng kagalakan,  
gaya ng nagdiriwang sa pista."**

**Ang Salita ng Diyos.**

## SALMON TUGUNAN

*Salmo 32, 2–3, 11–12, 20–21  
(Tugon: 1a at 3a)*

**Tugon:** Panginoon'y papurihan  
ng tapat n'yang sambayanan.

**Ang Panginoong Diyos ay pasalamatan,  
tugtugin ang alpa't awit ay saliwán.  
Isang bagong awit, awiting malakas,  
kasaliw ang tugtog ng alpang marilag!**

**Tugon:** Panginoon'y papurihan  
ng tapat n'yang sambayanan.

**Ngunit ang mga panukala ng Diyos,  
ay mamamalagi't walang pagkatapos.  
Mapalad ang bansang Panginoon'y Diyos,  
mapalad ang bayang kanyang ibinukod.**

**Tugon:** Panginoon'y papurihan  
ng tapat n'yang sambayanan.

**Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon;  
siya ang sanggalang natin at katulong.  
Dahilan sa kanya, kami'y natutuwa,  
sa kanyang ngalan ay nagtitiwala.**

**Tugon:** Panginoon'y papurihan  
ng tapat n'yang sambayanan.

## **ALELUYA**

Aleluya! Aleluya!  
**Emman'wel na hari namin  
halina't kami'y sagipin  
at utos mo'y tutuparin.**  
Aleluya! Aleluya!

## **MABUTING BALITA**

Lucas 1, 39–45

*Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon?*

### **+ Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas**

Si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Judea. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak niyang sinabi, "Bukod kang pinagpala sa babaing lahat at

pinagpala naman ang iyong dinadalang anak! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan. Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!"

**Ang Mabuting Balita ng Panginoon.**

## **PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

Ama naming Lumikha,  
kalugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan.  
Ang ipinagmagandang-loob mong ibigay sa amin  
upang maihain ay siya nawang gumanap  
sa iyong ginagawa upang kami'y tubusin  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.

*Ikalawang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panahon ng Pagdating, p 19.*

*Pakikinabang: Lucas 1, 45*

*Talagang napakapalad  
ang nananalig nang tapat  
sa pangakong sa D'yos buhat  
pagkat ito'y matutupad  
a yon sa kanyang pahayag.*

## IKA-22 NG DISYEMBRE

*Pambungad: Salmo 24, 7*

*Buksan ninyo ang pintuan,  
itaas ang mga halang  
nang ang Haring nagtagumpay  
taglay ang kadakilaa'y  
makapasok nang lubusan.*

## PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,  
niloob mong sa pagdating ng iyong Anak  
ay matubos ang sangkatauhang nakita mong  
sa kamatayan nasadlak.  
Ipagkaloob mong ang mga nagdiriwang  
sa kanyang pagkakatawang-tao  
nang may kapakumbabaan at katapatan  
ay maging dapat na makasalo  
sa Manunubos naming ito  
na siyang namamagitan  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

## UNANG PAGBASA

1 Samuel 1, 24–28

*Nagpasalamat si Ana para sa pagkasilang kay Samuel.*

### Pagbasa mula sa unang aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon, nang maawat na si Samuel, dinala siya ng kanyang ina sa Templo sa Silo. Nagdala pa siya ng isang torong tatlong taon, tatlumpu't anim na litrong harina at isang pitsel na alak. Nang maihandog na ang baka, dinala nila kay Eli ang bata. Sinabi ni Ana, “Kung natatandaan ninyo, ako po yaong babaing tumayo sa tabi ninyo noon at nanalangin sa Panginoon. Idinalangin ko sa kanya na ako’y pagkalooban ng anak at ito po ang ibinigay niya sa akin. Kaya naman po, inihahandog ko siya sa Panginoon upang maglingkod sa kanya habang buhay.” Pagkatapos nito, nagpuri sila sa Panginoon.

**Ang Salita ng Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN

1 Samuel 2, 1. 4–5. 6–7. 8abkd  
(Tugon: 1a)

**Tugon:** Diyos kong Tagapagligtas,  
pinupuri kitang wagas.

**Pinupuri ko kayo, Poon,  
dahil sa kaloob ninyo sa akin.  
Pinagtatawanan ko ngayon ang aking mga kaaway,  
sapagkat iniligtas ninyo ako sa kadustaan.**

**Tugon:** Diyos kong Tagapagligtas,  
pinupuri kitang wagas.

**Nagapi ninyo ang mga makapangyarihan,  
at pinalalakas ninyo ang mahihina.  
Kaya, ang dating mayayaman ay nagpapaupa para mabuhay.  
Masagana ngayon ang dating maralita.  
Ang dating baog, nagsilang ng mga anak,  
at ang maraming supling ay sa lungkot nasadlak.**

**Tugon:** Diyos kong Tagapagligtas,  
pinupuri kitang wagas.

**Kayo, Poon, ay may kapangyarihang magbigay o bumawi ng buhay.  
Maaari ninyo kaming patayin, maaari ring buhayin.  
Maaari ninyo kaming payamanin o paghirapin,  
maaari ring ibaba o itaas.**

**Tugon:** Diyos kong Tagapagligtas,  
pinupuri kitang wagas.

**Mapadadakila ninyo kahit ang pinakaaba,  
mahahango sa kahirapan kahit ang pinakadukha.  
Maihananay ninyo sila sa mga maharlika,  
mabibigyan ng karangalan kahit na ang dustang-dusta.**

**Tugon:** Diyos kong Tagapagligtas,  
pinupuri kitang wagas.

## ALELUYA

Aleluya! Aleluya!

**Hari't batong panulukang  
Saligan ng Sambayanan,  
halina't kami'y idangal.**

Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Lucas 1, 46–56

*Mga dakilang bagay ang ginawa sa akin ng Diyos na makapangyarihan.*

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Noong panahong iyon, ipinahayag ni Maria ang awit na ito:

“Ang puso ko’y nagpupuri sa Panginoon,  
at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking  
Tagapagligtas.  
sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin!  
At mula ngayon, ako’y tatawaging mapalad ng lahat ng  
salinlahi,  
dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng  
Makapangyarihan  
Banal ang kanyang pangalan!  
Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,  
sa lahat ng sali’t saling lahi.  
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,  
pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.  
Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,  
at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.  
Binusog niya ng mga mabubuting bagay ang mga nagugutom,  
at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.  
Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel,  
bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang,  
kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!”  
Nanatili si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan, at  
saka umuwi.

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**Ama naming lumikha,  
dumudulog kaming may tiwala  
sa iyong tapat na paglingap  
ngayong inihahain namin ang mga alay  
sa iyong dambana  
upang sa pagdiriwang naming ito  
kami ay dalisayin ng pagpapala mo  
sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

*Ikalawang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panabon ng Pagdating, p. 19.*

*Pakikinabang: Lucas 1, 46. 49*

*Nagpupuri sa Maykapal  
ang buo kong kalooban  
dahil sa kadakilaan  
ng ginawa niyang tanan  
sa kanyang kapangyarihan.*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**Ama naming mapagmahal,  
kami’y iyong palakasin sa aming pakikinabang  
upang kami’y makasalubong  
sa dumarating naming Tagapagligtas  
nang may gawang karapat-dapat**



## IKA-23 NG DISYEMBRE

*Pambungad: Isaias 9, 6; Salmo 72, 17*

*Ang isisilang na bata  
ngala'y Diyos na dakila.  
Sa kanya ay magmumula  
tatanggaping pagpapala  
ng lahat ng mga bansa.*

## PANALANGING PAMBUNGAD

**Ama naming makapangyarihan,  
ngayong malapit na ang Pasko ng Pagsilang  
ng iyong Anak  
kaming mga lingkod mong hindi karapat-dapat  
ay tangkilikin nawa sa pag-ibig ng iyong Salita  
na nagkatawang-tao  
sa sinapupunan ng Mahal na Birhen  
at nanahan sa aming piling kasama mo  
at ng Espiritu Santo  
magpasawalang hanggan.**

## UNANG PAGBASA

*Malakias 3, 1-4. 23-24*

*Bago dumating ang araw ng Panginoon,  
isusugo ko sa inyo si propeta Elias.*

### Pagbasa mula sa aklat ni propeta Malakias

Narito ang pahayag ng Makapangyarihang Panginoon,  
“Ipadadala ko ang aking sugo upang ihanda ang daraanan ko. At ang  
Panginoon na inyong hinahanap ay biglang darating sa kanyang  
templo. Darating ang pinakahihintay ninyong sugo at ipahahayag  
ang aking tipan.”

Ngunit sino ang makatatagal pagdating ng araw na iyon? Sino  
ang makahaharap pag siya'y napakita na? Siya'y parang apoy na  
nagpapadalisay sa bakal at parang matapang na sabon. Darating  
siya para humatol at dadalisayin niya ang mga saserdote, tulad ng  
pagdalisay sa pilak at ginto. Sa gayon, magiging karapat-dapat silang  
maghandog sa Panginoon, at ang mga handog na dadalhin ng mga

taga-Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-lugod sa kanya, tulad  
ng dati.

**Ngunit bago dumating ang nakahihindik na araw ng Panginoon,  
isusugo ko sa inyo si Propeta Elias. Muling magkakalapit ang loob ng  
mga ama't mga anak. Kung hindi'y mapipilitan akong pumariyan at  
wasakin ang inyong bayan.**

**Ang Salita ng Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN

*Salmo 24, 4bk-5ab. 8-9. 10 at 14  
(Tugon: Lucas 21, 38)*

*Tugon: Itaas n'yo ang paningin,  
kaligtasa'y dumarating.*

**Ang kalooban mo'y ituro, o Diyos,  
ituro mo sana sa aha mong lingkod;  
ayon sa matuwid, ako ay turuan,  
ituro mo, Poon, ang katotohanan.**

*Tugon: Itaas n'yo ang paningin,  
kaligtasa'y dumarating.*

**Mabuti ang Poon at makatarungan,  
sa mga salari'y guro at patnubay;  
Sa mababang-loob siya yaong gabay,  
at nagtuturo ng kanyang kalooban.**

*Tugon: Itaas n'yo ang paningin,  
kaligtasa'y dumarating.*

**Tapat ang pag-ibig, siya'ng umaakay  
sa tumatalima sa utos at tipan.  
Sa tumatalima, siya'y kaibigan,  
at tagapagturo ng banal na tipan.**

*Tugon: Itaas n'yo ang paningin,  
kaligtasa'y dumarating.*

## ALELUYA

Aleluya! Aleluya!

**Hari't batong panulukang  
Saligan ng Sambayanan,  
halina't kami'y idangal.**

Aleluya! Aleluya!

## MABUTING BALITA

Lucas 1, 57–66

Isinilang si Juan Bautista

### + Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

Dumating ang oras ng panganganak ni Elisabet, at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki. Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya'y pinagpala ng Panginoon, at nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang ipangangalan sa kanya-gaya ng kanyang ama – ngunit sinabi ng kanyang ina, “Hindi! Juan ang ipangangalan sa kanya.”

“Subalit wala isa man sa iyong mga kamag-anak ang may ganyang pangalan,” wika nila. Kaya't hinudyatan nila ang kanyang ama at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol. Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito: “Juan ang kanyang pangalan.” At namangha silang lahat. Pagdaka'y nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos. Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay, anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang mga bagay na ito. Pinakaisipisip ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang tanong: “Magiging ano nga kaya ang batang ito?” Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon.

*Ang Mabuting Balita ng Panginoon.*

# ARCHDIOCESE OF CHICAGO



Asian Catholic Initiative  
Archdiocese of Chicago  
St. Henry Parish  
6335 North Hoyne Avenue  
Chicago, IL 60659  
773.764.7413  
[aci.archchicago.org](http://aci.archchicago.org)